

Kalusugan at kaligtasan sa trabaho sa Australya: impormasyon para sa mga migranteng manggagawa at mga manggagawang buhat sa iba't ibang kultura

Ang lahat ng tao sa Australya ay may karapatang maging malusog at ligtas sa trabaho.

Ang mga batas sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho ay nagpoprotekta sa lahat ng mga manggagawa, kahit papaano man sila nahirang sa trabaho (halimbawa, labour hire; mga casual) o ang katayuan ng kanilang visa. Ang mga batas na ito ay gamit sa lahat ng mga lugar ng trabaho at sa mga grupong pangkultura sa Australya.



Ano ang iyong mga karapatan?

May karapatan kang maging malusog at ligtas sa trabaho, kabilang ang karapatang:

1. magtrabaho sa isang malusog at ligtas na lugar na may mga pasilidad (halimbawa, madaling pag-access sa mga malinis na toilet at sa tubig na maiinom)
2. malaman ang mga posibleng panganib ng iyong trabaho at mapakitaan kung paano ito magagawa nang ligtas
3. mabigyan ng angkop na kagamitan at/o pananamit na kailangan mo upang makapagtrabaho nang ligtas bago ka magsimulang magtrabaho (hindi mo kailangang bayaran ang mga ito)
4. mag-report ng mga isyung pangkalusugan at pangkaligtasan sa trabaho – may ligal na tungkulin ang iyong employer (tagapag-empleyo) upang hayaan kang magsabi ng mga alalahaning pangkalusugan at pangkaligtasan, at labag sa batas na parusahan ka, o isisante ka dahil sa paggawa nito
5. tumanggap ng magtrabaho kung ikaw ay makatwirang nag-aalala na maaaring malagay ka o ang ibang tao sa malubhang panganib na masaktan, o magkasakit, at
6. mapakitaan kung paano mag-report ng isang pinsala o karamdaman sa trabaho.



Ano ang kailangang gawin ng mga employer sa ilalim ng mga batas sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho?

Ang mga employer ay dapat:

1. gawin ang lahat ng makatwiran nilang makakaya upang protektahan ang iyong kalusugan at kaligtasan – sa pisikal man o sa kaisipan
2. maglaan ng ligtas at mapagsuportang kapaligiran sa trabaho
3. hanapin at alisin ang mga peligro sa inyong lugar ng trabaho – kung hindi maaalis ang peligro, dapat nilang gawin ang lahat ng makatwiran nilang magagawa upang tiyaking walang masasaktan o magkakasakit
4. magbigay sa iyo ng pagsasanay, impormasyon at tagubilin at tiyaking nauunawaan mo ang trabahong iyong gagawin at kung paano ito gagawin nang ligtas
5. magbigay sa iyo ng angkop na kagamitan at/o pananamit na kailangan mo upang makapagtrabaho nang ligtas bago ka magsimulang magtrabaho
6. kausapin ka tungkol sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho. Dapat nilang sagutin ang iyong mga tanong at makinig sa iyong mga opinyon
7. ipakita sa iyo kung paano ire-report ang isang pinsala o karamdaman sa trabaho.

Kalusugan at kaligtasan sa trabaho sa Australya: impormasyon para sa mga migranteng manggagawa at mga manggagawang buhat sa iba't ibang kultura

safe work australia



Ano ang mga peligro?

Ang mga peligro ay mga bagay sa trabaho na maaaring makapinsala sa iyo nang pisikal o pangkaisipan, kabilang ang:

- pagtatrabaho sa mataas na lugar (halimbawa, umaakyat sa hagdan para mag-stock ng mga istante o nagtatrabaho sa bubungan)
- pagtatrabaho gamit ang kuryente
- pagbuhat o paglipat ng mga kargang mabigat o napakalaki
- pagtatrabaho sa napakainit o napakalamig na mga lugar
- malalakas na ingay
- pagtatrabaho na gamit ang makinarya o kagamitan (halimbawa, sa isang pabrika)
- pagtatrabaho na gamit ang mga kemikal (halimbawa, paglilinis na gawain)
- pagtatrabaho na may mahahabang oras o gumagawa ng mahihirap na trabaho (halimbawa, paghuhukay gamit ang kamay, kailangang laging nakatutok ang isip o konsentrasyon)
- pagtatrabaho nang napakatagal sa iisang lugar (halimbawa, nakaupo o nakatayo na hindi masyadong makakilos o makapagpahinga)
- pagtatrabaho sa mga posisyong hindi tama o mamalagi sa iisang posisyon nang matagal
- matagal at paulit-ulit na pagkilos
- pagtatrabaho nang nag-iisa o sa isang lugar na mahirap humingi ng tulong kung kailangan mo nito
- paglanghap ng nakakapinsalang alikabok o maliliit na butil (halimbawa, sa lugar ng konstruksyon)
- pambu-bully at panliligalig kabilang ang panliligalig na panlahi at sekswal, at
- agresibong pag-aasal at karahasan.

Paano mo mapapanatiling ligtas ang iyong sarili at ibang tao?

Dapat mo ring pangalagaan ang sarili mong kalusugan at kaligtasan sa trabaho, at huwag ilagay sa panganib ang ibang tao. Magagawa mo ito sa pamamagitan ng:

- pagdalo sa pagsasanay tungkol sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho sa oras ng trabahong may bayad at kasunod ng pagsasanay na ibinigay sa iyo upang maisagawa ang iyong gawain
- pagtatanong kung hindi mo naiintindihan ang pagsasanay o kung paano gagawin nang ligtas ang trabaho
- pagsunod sa mga makatwirang tagubilin mula sa iyong employer kung paano at kailan gagawin ang mga gawain sa trabaho, at paano gagamit ng kagamitan at tools nang ligtas, at
- pagsasabi sa iyong employer tungkol sa mga peligrong nakikita mo sa trabaho.

Sino ang mahihingan mo ng tulong?

May karapatan kang magtanong tungkol sa iyong trabaho at makipag-usap sa iyong supervisor, manager o employer kung dama mong hindi ka ligtas. Okey lang ang magtanong tungkol sa anumang bagay na hindi mo naiintindihan.

Maaari ka ring makipag-usap sa isang Kinatawan sa Kalusugan at Kaligtasan (Health and Safety Representative - HSR) kung mayroon kayo nito. Ang HSR ay isang hinalal na manggagawa sa inyong lugar ng trabaho na nakakaalam tungkol sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho at matutulungan ka sa anumang mga alalahanin. Maaari ka ring makipag-usap sa kinatawan ng inyong unyon kung sa palagay mo ay mayroong hindi patas o hindi ligtas sa trabaho. Ang unyon ay isang grupo na nagpoprotekta at nagsusulong sa mga karapatan at kapakanan ng mga manggagawa sa isang partikular na industriya o hanapbuhay.

Maaaring nagtatrabaho ka para sa isang tao at binabayaran ng ibang tao (halimbawa, isang labour hire agency). Pareho silang responsable para tiyaking ligtas ka sa trabaho. Maaari kang makipag-usap sa isa sa kanila o sa kanilang dalawa tungkol sa anumang mga alalahaning pangkalusugan at pangkaligtasan sa trabaho.

Maaari mo ring kontakin ang tagapangasiwa ng kalusugan at kaligtasan sa trabaho (work health and safety regulator) sa estado o teritoryo kung saan ka nagtatrabaho - nakalista sila sa katapusan ng dokumentong ito.



Mga serbisyo sa pagsasalinwika

Ang libreng mga serbisyo sa translation at interpreting ay matatagpuan online sa TIS National. Ang serbisyong ito ay makukuha nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, sa mahigit 100 na wika.

Kalusugan at kaligtasan sa trabaho sa Australya: impormasyon para sa mga migranteng manggagawa at mga manggagawang buhat sa iba't ibang kultura

safe work australia

Paano kung nasaktan ka sa trabaho?

Kung ikaw ay nasaktan o nagkasakit dahil sa iyong trabaho, dapat mong sabihin ito sa iyong employer sa lalong madaling panahon upang makapagbigay siya ng first aid, alisin ang peligro o gawin ang lahat na kanyang makakaya upang tiyaking wala nang iba pang taong masasaktan o magkakasakit.

Dapat ka ring magpatingin sa doktor o nars upang makakuha ng medikal na paggamot at humingi ng sertipikong medikal. May karapatan kang pumili ng doktor o nars na titingin sa iyo.

Maaari kang gumawa ng claim (paghahabol) para sa workers' compensation (bayad-pinsala para sa mga manggagawa) upang tumulong sa pagbabayad ng medikal na paggamot at iba pang mga gastos (halimbawa, panahon nang hindi pagpasok sa trabaho) sanhi ng iyong pinsala o karamdamang kaugnay sa trabaho. Sa Australya, ang mga employer ay dapat magkaroon ng workers' compensation insurance upang masaklawan ang lahat ng kanilang mga manggagawa, kabilang ang mga migranteng manggagawa na may hawak na temporary o permanent visa, para sa mga pinsala o karamdaman na nangyayari dahil sa trabaho.

Kung ikaw ay isang kontratista (maaaring isa ka nga kung ikaw ay self-employed (nagtatrabaho para sa sarili) o mayroon kang Australian business number (ABN) para sa trabaho), dapat mong kontakin ang nauugnay na awtoridad sa workers' compensation sa estado o teritoryo kung saan ka nagtatrabaho upang alamin kung nasasaklawan ka ng workers' compensation. Kung hindi ka nasasaklawan, dapat mong pag-isipan ang pagkuha ng sarili mong insurance sakaling masaktan o magkasakit ka sanhi ng trabaho.



Para sa pangkalahatang impormasyon kung sino ang isang kontratista, maaari mong kontakin ang Fair Work Ombudsman sa 13 13 94 o sa www.fairwork.gov.au/contractors

Matutulungan ka rin ng workers' compensation insurance sa pagbalik mo sa trabaho makaraan ang iyong pinsala. Ang awtoridad sa workers' compensation ay makikipagtulungan sa iyo, sa iyong doktor at sa iyong employer upang tulungan kang makabalik sa trabaho.

Upang alamin kung paano gagawa ng paghahabol (claim), maaari mong kontakin ang awtoridad sa workers' compensation sa estado at teritoryo kung saan ka nagtatrabaho – nakalista ang mga ito sa katapusan ng impormasyong ito.

Ang karapatan mo sa patas na sahod at mga kundisyon

Sa Australya, may mga minimum na sahod at mga kundisyon sa pagtatrabaho. Tumutulong ang Fair Work Ombudsman sa mga employer at manggagawa upang maunawaan ang mga karapatan at responsibilidad na ito sa trabaho. Matutulungan ka rin nila na alamin kung magkano ang dapat ibayad sa iyo.

Maaaring mag-imbetiga ang Fair Work Ombudsman kung sa palagay nila ay may isang taong lumabag sa mga batas sa lugar ng trabaho. Maaari ka nilang kausapin at bigyan ng payo kahit na nilabag mo ang mga kundisyon sa pagtatrabaho ng iyong visa.



Maaari mong kontakin ang Fair Work Ombudsman sa 13 13 94 o sa www.fairwork.gov.au



Saan ka makakakuha ng karagdagang impormasyon, tulong o payo tungkol sa iyong kalusugan at kaligtasan sa trabaho?

Bisitahin ang Migrant workers (Mga migranteng manggagawa) | Safe Work Australia. Ang nakasalinwikang impormasyon sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho ay makukuha sa Language hub (Sentro ng mga Wika) | Safe Work Australia.

Para sa tulong o payo tungkol sa kaligtasan mo sa trabaho, maaari mong kontakin ang tagapangasiwa ng kalusugan at kaligtasan sa trabaho o ang awtoridad sa workers' compensation sa inyong estado o teritoryo – ang mga detalye ay nasa ibaba. Kung kailangan mo ng interpreter, tawagan ang **Telephone Interpreter Service sa 131 450**.

Maaari mong kontakin ang inyong unyon para sa karagdagang impormasyon, tulong o payo tungkol sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho. Kung hindi mo tiyak kung aling unyon ang iyong tatawagan, maaari mong kontakin ang Australian Unions sa 1300 486 466 o sa www.australianunions.org.au

Ang iba pang mga organisasyon na maaari mong kontakin tungkol sa iyong mga alalahaning pangkalusugan at pangkaligtasan sa trabaho ay nasa ibaba.

Kalusugan at kaligtasan sa trabaho sa Australya: impormasyon para sa mga migranteng manggagawa at mga manggagawang buhat sa iba't ibang kultura

safe work australia

Mga Tagapangasiwa ng Kalusugan at Kaligtasan sa Trabaho

Para humingi ng tulong kung ikaw ay dumaranas o nakaranas ng isang isyung pangkalusugan at pangkaligtasan sa trabaho na hindi naresolba ng iyong employer

New South Wales

SafeWork NSW
Website: safework.nsw.gov.au
Email: contact@safework.nsw.gov.au
Telepono: 13 10 50

Victoria

WorkSafe Victoria
Website: worksafe.vic.gov.au
Email: Info@worksafe.vic.gov.au
Telepono: 1800 136 089 (libreng tawag)

Queensland

Workplace Health and Safety Queensland,
Office of Industrial Relations
Website: worksafe.qld.gov.au
Telepono: 1300 362 128

Western Australia

WorkSafe WA
Website: commerce.wa.gov.au/WorkSafe/
Email: safety@dmirs.wa.gov.au
Telepono: 1300 307 877

South Australia

SafeWork SA
Website: safework.sa.gov.au
Email: help.safework@sa.gov.au
Telepono: 1300 366 255

Australian Capital Territory

WorkSafe ACT
Website: worksafe.act.gov.au
Email: worksafe@worksafe.act.gov.au
Telepono: 13 22 81

Northern Territory

NT WorkSafe
Website: worksafe.nt.gov.au
Email: ntworksafe@nt.gov.au
Telepono: 1800 019 115

Tasmania

WorkSafe Tasmania
Website: worksafe.tas.gov.au
Email: wstinfo@justice.tas.gov.au
Telepono: 03 6166 4600 (sa labas ng Tasmania)
Telepono: 1300 366 322 (sa loob ng Tasmania)

Komonwelt

Kung nagtatrabaho ka para sa isang pederal na ahensyang pampamahalaan ng Australya, o para sa isang malaking pambansang employer, maaaring sakop ka ng sistemang Comcare.
Comcare
Website: comcare.gov.au
Email: whs.help@comcare.gov.au
Telepono: 1300 366 979

Mga Awtoridad sa Workers' Compensation

Para humingi ng tulong kung naghahangad ka ng kompensasyon para sa isang pinsala o karamdamang kaugnay sa trabaho

New South Wales

State Insurance Regulatory Authority
Website: sira.nsw.gov.au
Email: contact@sira.nsw.gov.au
Telepono: 13 10 50

Victoria

WorkSafe Victoria
Website: worksafe.vic.gov.au
Email: Info@worksafe.vic.gov.au
Telepono: 1800 136 089 (libreng tawag)

Queensland

WorkCover Queensland
Website: worksafe.qld.gov.au
Email: info@workcoverqld.com.au
Telepono: 1300 362 128

Western Australia

WorkCover WA
Website: workcover.wa.gov.au
Telepono: 1300 794 744

South Australia

ReturnToWorkSA
Website: rtwsa.com
Email: info@rtwsa.com
Telepono: 13 18 55

Australian Capital Territory

WorkSafe ACT
Website: worksafe.act.gov.au
Email: worksafe@worksafe.act.gov.au
Telepono: 13 22 81

Northern Territory

NT WorkSafe
Website: worksafe.nt.gov.au
Email: datantworksafe@nt.gov.au
Telepono: 1800 250 713

Tasmania

WorkSafe Tasmania
Website: worksafe.tas.gov.au
Email: wstinfo@justice.tas.gov.au
Telepono: 03 6166 4600 (sa labas ng Tasmania)

Komonwelt

Kung nagtatrabaho ka para sa isang pederal na ahensyang pampamahalaan ng Australya, o para sa isang malaking pambansang employer, maaaring sakop ka ng sistemang Comcare.
Comcare
Website: comcare.gov.au
Email: general.enquiries@comcare.gov.au
Telepono: 1300 366 979

**Kalusugan at kaligtasan sa trabaho sa Australya:
impormasyon para sa mga migranteng manggagawa at
mga manggagawang buhat sa iba't ibang kultura**

safe work australia

**Maaari ka ring makipag-usap sa alinman sa mga sumusunod na organisasyon
tungkol sa iyong mga alalahaning pangkalusugan at pangkaligtasan sa trabaho**



**Para magtanong tungkol sa sahod
at mga kundisyon sa trabaho**

Fair Work Ombudsman

Website: www.fairwork.gov.au

Telepono: 13 13 94



**Para humingi ng tulong kung
ikaw ay binu-bully**

Fair Work Commission

Website: www.fwc.gov.au

Telepono: 1300 799 675



Para humingi ng tulong kung ikaw ay naligalig nang sekswal

Pakitawagan ang 000 kung ito ay isang emerhensya

Police Assistance Line

Telepono 131 444

**Para humingi ng tulong kung ikaw ay nakaranas ng diskriminasyon o panliligalig
na sekswal sa iyong lugar ng trabaho at nais mong magreklamo**

Australian Human Rights Commission

Website: www.humanrights.gov.au

Telepono: 1300 656 419

**Para humingi ng tulong kung kailangan mo ng suporta para sa karahasan sa
tahanan, pamilya o karahasang sekswal**

National Domestic Family and Sexual Violence Counselling Service

Website: www.1800respect.org.au

Telepono: 1800 RESPECT (1800 737 732)



**Maaaring mayroon ding mga legal centre o mga organisasyong sumusuporta sa mga migrante at mga
taong buhat sa iba't ibang kultura sa inyong lokal na pook na iyong makokontak para sa suporta.**